RECORDS FILES

DEPARTMENT OF EDUCATION
ZAMBOANGA DEL NORTE
RELEASED
BY: ________ 0 8 DEC 2016
NAME/SIGNATURE DATE: ________

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 463, serye 2016

Para sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mababang Paaralan
Punungguro ng Mataas Na Paaralan

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY**, CESO VI
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **Paglilinaw Para Sa Mga Kalahok Ng Unang Gawaing Kapulungan Sa Filipino**

Petsa: Disyembre 7, 2016

1. Nais ipaalam ng Sangay ng Zamboanga del Norte ang inilaang bilang ng mga kalahok para sa Unang Gawaing Kapulungan Sa Filipino (Elementarya at Sekundarya) na isasagawa sa Katipunan Central School sa darating na Mayo 3-5, 2017.

2. Ang bawat distrito ay magpadala ng 4 na kalahok na maging *core group* sa Filipino at gaganap na katuwang ng mga punungguro at Tagamasid Pampurok na magpalaganap ng mga programa at gawain sa Filipino sa distritong kinabibilangan. Ang mga kalahok dito ay maaaring Tagapayo ng pampaaralang pahayagan, Filipino koordineytor at guro sa Filipino.

3. Ang mga Mataas Na Paaralan naman ay magpadala ng dalawang guro sa Filipino o Tagapayo ng pampaaralang pahayagan.

4. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.